KIDS GOD WORSHIP

www.kidsworship.kr

4th Story

# Ang tagapaglingkod na si Esteban ay naging martir!



**Narration** Sa paglaganap ng Mabuting Balita nang paglilitas sa atin ni Hesus at ng Kanyang muling pagkabuhay, ang bilang ng mga taong naniniwala kay Hesus ay dumami sa Jerusalem. Isa sa kanila ang tagapaglingkod na si Esteban. Pinagaling niya ang mga maysakit sa pamamagitan ng grasya ng Diyos at ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu.

**Person 1** Salamat. Salamat Esteban. Habang nakikinig ako sa sinasabi mo, parang lahat ng sakit ko ay gumagaling. Salamat!



**Person 2** Hoy Esteban!! Itigil mo na yan, ngayon din! Nilalapastangan mo na ang pangalan ng Diyos at gumagawa ng labag sa batas.

**Stephen** Sabihin nyo nga sa akin, ano ba ang labag sa batas sa mga ginagawa ko?



**Person 2** Narinig naming nilalait mo si Moises at ang Diyos.

**Person 3** Ang taong ito ay walang tigil ng pagsasalita laban sa banal na Templo at sa Kautusan ni Moises. Ngayon, magkakaproblema ka!

**Stephen** Siguradong wala akong sinabing ganyan. Gawa-gawa mo lang ang mga yan!



**Person 2** Walang kwenta ang sinasabi mo! Kailangan kang dalhin sa husgado!

**Person 3** Mga kapatid!! Dahil tinanggihan niya ang batas ni Moises at dinungisan ang templo ng Diyos, dalhin natin kaagad ang taong ito sa hukuman.

**Person 4** Narinig ko itong si Esteban na nagsalita laban sa Kautusan ni Moises at laban sa Diyos.

**Person 5** Hindi ko maisip na magagawa iyan ng isang taong parang anghel ang mukha.



**Person 6** Hindi mo pa rin alam ang takbo ng isip ng isang tao. Abangan na lang natin ang hatol ng husgado.

**High Priest** Ngayon sino ang susunod? Esteban? Papasukin siya~ Sinabi mo ba sa mga tao na wawasakin ni Hesus na taga- Nazareth ang templong ito at papalitan ang batas na ibinigay ni Moises?

**Person 1** Personal kong narinig ang taong iyon na nagsasalita ng kalapastanganan laban kay Moises at sa templo. Ilang beses ko po siyang narinig na nagsasalita ng ganun . Totoo po!



**Stephen** Mga magulang at mga kapatid na naririto, pakinggan po ninyong mabuti ang sasabihin ko. Habang ang ating amang si Abraham ay naninirahan pa sa Mesopotamia, nagpakita sa kanya ang Diyos at sinabi..

**Narration** Sa pagpapaliwanang ni Esteban ng mga salita sa Lumang Tipan, pinatotohanan niya na si Hesus ang Tagapagligtas na mula sa Diyos. Ang mga tao ay mas lalo pang naging interesado habang nakikinig sila sa mga salita ni Esteban.



**Person 1** Ah, oo nga naman... palagay ko tama nga ‘yung sinasabi ni Esteban...

**Person 2** Ano? Gumising ka nga! Anong pinagsasasabi mo? Ang taong iyon ay isang kakaibang tao, wag kang magpaloko sa kanya.



**Stephen** Hindi ba binugbog at pinatay ng ating mga ninuno ang mga propeta ng Diyos? Kung paanong pinatay ng ating mga ninuno ang mga propeta, gayon din naman pinatay ninyo ang matuwid na si Hesus na siyang binanggit ng mga propeta. Mula pa sa simula at hanggang ngayon, lagi ninyong tinatangihan ang ang kalooban ng Diyos. Pinapatay ninyo ang mga sinugo ng Diyos! Hanggang kailan ninyo gagawin iyan? Hindi niyo ba talaga alam ang tunay na kahulugan ng batas na ibinigay sa atin ng Diyos?



**High Priest** Ano? Ang lakas ng loob mo para insultuhin kami at pati na ang batas ng Diyos? Patayin agad ang kriminal na Estebang iyan! Ayon sa Artikulo 5 at Talata 13 ng batas, ang makasalanang si Esteban ay dapat hatulan ng kamatayan~!! Kaya ngayon, mamulot kayong lahat ng mga bato at batuhin yang si Esteban.



**People** Esteban, makasalanan ka at nilapastangan mo ang Diyos, dapat kang mamatay! Ikaw ay marumi at ang mga katulad mong tumatangi sa Diyos ay dapat mamatay. Dapat mamatay! Dapat mamatay!

**Stephen** “Panginoong Jesus, tanggapin mo po ang aking espiritu.”, “Panginoon, huwag mo po silang pananagutin sa kasalanang ito!” Dalangin ko po “Panginoon, huwag n’yo silang papanagutin sa kasalanang ito na ginawa nila.”

**Person 1** Narinig mo ba yon? Habang namamatay si Esteban, hiniling niyang patawarin tayo ng Diyos!

**Person 2** Narinig ko... Paano niya nakuhang maging payapa habang siya ay namamatay?...

**Person 3** Well, palagay ko, wala naman tayong ginawang mali....diba?